

Pagtatasa sa Kahandaan: Antas Ng Pag-unawa Ng MGA MAG-AARAL sa Unang Baitang Ng Elementarya sa MGA Kalamidad at Hudyat Trapiko

Soratos, Diana Maribeth G., Escultor, Gemma R.

Surigao Del Norte State University, Philippines

Abstract: *Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa unang baitang ng elementarya sa kalamidad at hudyat trapiko, kasama ang potensyal na epekto ng isang workbook sa kanilang pagkatuto. Ginamit ang paraang quasi-experimental at developmental, kung saan hinati ang mga mag-aaral sa eksperimental at kontrol na grupo. Natuklasan na mayroong pagkakaiba sa pag-unawa ng dalawang grupo sa kahandaan sa kalamidad at hudyat trapiko, kung saan mas mataas ang antas ng pag-unawa ng eksperimental na grupo na gumamit ng workbook. Mayroon ding makabuluhang pag-angat sa antas ng pag-unawa ng eksperimental na grupo bago at pagkatapos gamitin ang workbook. Ang mga resulta ay nagpapakita ng positibong epekto ng workbook sa pagpapabuti ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, ang pag-aaral ay nagpapakita ng potensyal na benepisyo ng aktibong partisipasyon sa pag-aaral at ng paggamit ng supplementary materials tulad ng workbook sa pag-unlad ng mga kasanayan ng mga mag-aaral sa kalamidad at trapiko*

Keywords: Pag-unawa sa kalamidad, Hudyat trapiko, Quasi-experimental, Workbook, Pagkatuto ng mag-aaral